## 2. Pagpapahusay ng kooperasyon at koneksyon sa pagitan ng mga kindergarten, nursely school at elementarya para ikonekta sa kanilang paglaki at pag-aaral sa loob ng "bridge period"

- Pag-promote ng pag-unawa at pagbabahagi ng "kung ano ang gusto natin paglaki ng mga bata sa pagtatapos ng early childhood" sa kindergarten, nursely school at elementarya

# Haligi 2 Paglilinang ng kapangyarihan upang magkasamang lumikha ng hinaharap

## Panukala 1 Paglilinang ng kapangyarihan upang magkasamang lumikha ng hinaharap

**Layunin-direksyon**

**Isusulong namin ang edukasyon sa Ingles at edukasyon para sa pang-internasyonal na pag-unawa upang alagaan ang mga tao na maaaring makaganap ng aktibong papel sa pandaigdigang lipunan at maaaring makipagtulungan at mabuhay kasama ng iba.**

**Kasalukuyang katayuan at paksa**

Sinisikap namin ang edukasyon sa Ingles at edukasyon para sa pang-internasyonal na pag-unawa sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga dayuhang guro ng assistant English teacher (AET) na ang inang wika na Ingles sa lahat ng elementarya, junior high school at high school, at mga klase sa pang-internasyonal na pang-unawa kung saan ipinakikilala ng mga dayuhang guro ang kanilang mga bansa at lokal na kultura sa Ingles. Kailangan namin ipagpatuloy din na pauunlarin ang kakayahang makipag-usap sa Ingles, at ang ugali ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang kultura at pagtingin sa ating sariling kultura.

**Pangunahing talatuntunan**

| Talatuntunan | Ang pinakabagong kasalukuyang numero (Taon 2021) | Target na numero (Taon 2025) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga mag-aaral na gustong makipag-usap sa Ingles | Ika-6 baitang ng elementarya 73.9%<br>Ika-3 baitang ng junior high school 66.5% | Ika-6 baitang ng elementarya 80%<br>Ika-3 baitang ng junior high school 70% |
| Porsiyento ng mga mag-aaral na nagtapos sa junior high school na may katumbas na Level 3 o mas mataas sa English Proficiency Test (EIKEN) | 54.9% | 60% |

**Pangunahing pagsisikap**

### 1. Pagpapabuti ng kahusayan sa komunikasyon sa wikang Ingles

- Pagpapadala ng mga AET sa lahat ng elementarya, junior at senior high school, pagpapadami ng mga guro na tutok sa Ingles sa elementarya
- Paggamit ng Yokohama Round System*, paggawa at paggamit ng digital platform para sa mga materyales sa pagtuturo

*Paraan ng pagtuturo na gumagamit ng mga aklat-aralin, atbp. ilang beses sa isang taon, at naglalayon na makapagsalita sa wikang banyaga ang bawat indibidwal.

### 2. Pagsusulong ng edukasyon para sa internasyonal na pag-unawa

- Pagpapatupad ng mga klase sa internasyonal na pag-unawa at International Peace Program para sa mga Bata

## Panukala 2 Pagsulong ng pag-aalaga ng mga tagalikha ng napapanatiling lipunan

**Layunin-direksyon**

**Upang mapangalagaan ang mga tagagawa ng mapapanatiling lipunan, kailangan pinagsanib na pagsulong ng career education at pagbuo ng mga magiging mamumuno sa pagkamit ng SDGs.**

**Kasalukuyang katayuan at paksa**

Ang bilang ng mga paaralan na nagsasagawa ng ESD, na siyang pagbuo ng mga pinuno para sa SDGs, sa ilang mga baitang ay tumataas. Ngunit, mahalagang ipatupad ito sa buong paaralan. Bilang karagdagan, upang magkaroon ng independiyenteng saloobin ng mga bata, kailangan isulong ESD kasabay ng "Edukasyon ng Self-development (career education)" tulad ng "Proyekto ng Kumpanya ng Hamako Mirai", na isang inisyatiba ng paaralan upang malutas ang mga isyung panlipunan sa kooperasyon at pakikipagtulungan sa mga kumpanya, atbp.

**Pangunahing talatuntunan**

| Talatuntunan | Ang pinakabagong kasalukuyang numero (Taon 2021) | Target na numero (Taon 2025) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga mag-aaral na nag-iisip na kaya nilang lutasin ang mga lokal at panlipunang isyu natagpuan sa kanilang pag-aaral | Ika-4 hanggang ika-6 baitang ng elementarya Average 69.3%<br>Ika-1 hanggang ika-3 baitang ng junior high school Average 62.1% (Taon 2022) | Ika-4 hanggang ika-6 baitang ng elementarya Average 72%<br>Ika-1 hanggang ika-3 baitang ng junior high school Average 65% |

**Pangunahing pagsisikap**

### 1. Pagsulong ng pagsanay ng mga pinuno na tutulong makamit ang SDGs (ESD)

- Pagsusulong ng kooperasyon na nakasentro sa "ESD Promotion Consortium ng lungsod ng Yokohama"*
- Pagpapahusay ng pagsasanay ng mga mamumuno sa pagkamit ng SDGs (ESD)

* Ito ay komunidad kung saan ang iba't ibang organisasyon ay nakikilahok at nagtutulungan sa pagpapalaganap ng edukasyon batay sa pilosopiya ng ESD sa mga munisipal na paaralan.

### 2. Karagdagang pagpapahusay ng edukasyon ng self-development (career education)

- Pagpapalawak ng mga kalahok na paaralan sa "Proyekto ng Kumpanya ng Hamako Mirai"*
- Pagpapalawak ng mga paaralan na isagawa at isulong ang "edukasyon ng self-development (career education)"

*Mga pagsisikap ng mga paaralan na makipag-ugnayan at makipagtulungan sa mga kumpanya, atbp. upang malutas ang mga isyung panlipunan

# Haligi 3 Pag-alaga ng mabuting kalooban

## Panukala 1 Pagsulong ng mga aktibidad na pang-edukasyon batay sa paggalang sa karapatang pantao

**Layunin-direksyon**

**Bilang karagdagan sa pagpapabuti sa kapaligiran ng paaralan kung saan maaaring gugulin ng bawat indibidwal ang kanilang oras nang may kapayapaan ng isip, alagaan din namin ang mga batang may mabuting kalooban para bigyan nila ng halaga ang kanilang sarili at ang iba.**

**Kasalukuyang katayuan at paksa**

Magiging mas malinaw na may mga isyu sa karapatang pantao tulad ng paghina ng mga relasyon sa tao at ang lumalaking kumplikado ng mga background ng mga bata at pagkakaiba-iba ng mga bata, kinakailangan ang pagpapaunlad ng isip ng pagpapahalaga at paggalang sa sarili at sa iba, at ng kapaligiran na sumusuporta nito. Kaya't kinakailangan na gamitin ang Y-P assessment upang maunawaan ang mga pagbabago sa mga damdamin ng mga bata, mapabuti ang edukasyong moral, at lumikha ng mga pagkakataong hawakan ang tunay na bagay (hindi virtual) upang mahasa ang mga sensibilidad ng mga bata.

**Pangunahing talatuntunan**

| Talatuntunan | Ang pinakabagong kasalukuyang numero (Taon 2021) | Target na numero (Taon 2025) |
|---|---|---|
| Porsyento ng pagtaas sa kabuuang average ng klase para sa pagpapahalaga sa sarili, empatiya, pagsasaalang-alang, atbp.* | Ika-3 hanggang ika-6 baitang ng elementarya 48.1% | Ika-3 hanggang ika-6 baitang ng elementarya 60% |

* Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng "Y-P Assessment," isang tool na binuo ng lungsod ng Yokohama upang maunawaan ang kalagayan sa social skills development ng mga grupo at indibidwal nang hindi bababa sa 2 beses sa 1 taon, sinuri namin pagbabago sa pagpapahalaga sa sarili, empatya at pagsaalang-alang, atbp.

**Pangunahing pagsisikap**

### 1. Pagsusulong ng paggamit ng "Children's Social Skills Yokohama Program"

- Dagdagan ang bilang ng mga paaralan na gumagamit ng Y-P assessment nang hindi bababa sa dalawang beses sa isang taon
- Pagsasanay ng instruktor para sa "Children's Social Skills Yokohama Program"

### 2. Paglikha ng mga pagkakataon upang maranasan ang "tunay na bagay"

- Pagsulong ng mga karanasan sa mga sining ng pagtatanghal, atbp. para sa mga bata at mag-aaral, tulad ng panonood ng mga orkestra at ballet
- Pagsulong ng mga programa upang mag-imbita ng mga nangungunang atleta tulad ng mga Olympian at Paralympian

## Panukala 2 Paglikha ng paaralan kung saan makapag-aral nang may kapayapaan ng isip

**Layunin-direksyon**

**Bilang karagdagan sa pagtataguyod ng kamalayan ng mga guro at kawani, pabubutihin ang sistema ng suporta sa mag-aaral na maaaring sistematikong tumugon sa iba't ibang mga isyu.**

**Kasalukuyang katayuan at paksa**

Ang bilang ng mga kaso ng pambu-bully na kinilala noong 2021 ay 7,556 at tumataas ang bilang na ito. Ituturing ng gobyerno na ang mga paaralan na may mataas na kaso na kinilala ng pambu-bully ay nasa magandang umpisa na para alisin at iwasan ang pambu-bully dahil maari nilang matuklasan ang problema agad-agad. Batay dito, magsisikap na mapabuti ang bilang ng mga kaso na kinilala at gagawan ng paraan para maagang matuklasan ito. Kailangan magpatuloy na maghanap ng solusyon sa pakikipagtulungan sa mga eksperto at kaugnay na organisasyon.

**Pangunahing talatuntunan**

| Talatuntunan | Ang pinakabagong kasalukuyang numero (Taon 2021) | Target na numero (Taon 2025) |
|---|---|---|
| Porsyento ng pagtaas sa kabuuang average ng klase para sa pagpapahalaga sa sarili, empatiya, pagsasaalang-alang, atbp. [Ulitin ang Haligi 3 Panukala 1] | Ika-3 hanggang ika-6 baitang ng elementarya 48.1% | Ika-3 hanggang ika-6 baitang ng elementarya 60% |

**Pangunahing pagsisikap**

### 1. Paggawa ng grupo kung saan maaaring lumahok nang ligtas at nang may kapayapaan ng isip

- Pagpapapatupad ng iba't ibang pagsasanay sa karapatang pantao para sa mga guro at kawani
- Pagsusulong ng kooperasyon sa pagitan ng mga paaralan, magulang at komunidad sa "Yokohama Children's Conference"

### 2. Pagpapalakas sa pagtugon ng organisasyon at pag-iwas sa mga isyung kinakaharap ng mga bata

- Dahil sa pagdagdag ng mga guro na tutok sa pagsuporta sa bata at paggabay ng mag-aaral, gawin full-time ang mga part-time na guro para sa kapalit nila.
- Pagdadgdag ng mga counselor at mga social worker ng paaralan

# Panukala 1 Pagsanay upang mapanatili ang mabuting kalusugan at maayos na pananghalian sa junior high school

**Layunin·direksyon**

**Bilang karagdagan sa pagpapabuti ng kalusugan ng mga bata at mag-aaral, i-secure namin ang systema na pagbigay ng mga pananghalian sa paaralan na magugustuhan ng mga mag-aaral, ayon sa layunin ng School Lunch Act.**

**Kasalukuyang katayuan at paksa**

Mula noong Abril 2021, nagbibigay kami sa mga junior high school na tanghalian (delivery) nang maaring pumili, ngunit may mga isyu sa sistema ng supply. Kinakailangang makakuha ng sistema ng supply para sa humigit-kumulang 83,000 mag-aaral at guro at kawani, ito ay may pinakamalaking bilang sa Japan. Bilang karagdagan, ang pisikal na lakas ng mga mag-aaral sa lungsod ay lalong humina dahil sa mga epekto ng corona, at ito ay mahalaga para sa mga mag-aaral para manatiling aktibong at mapabuti ang kanilang kalusugan sa buong buhay nila.

**Pangunahing talatuntunan**

| Talatuntunan | Ang pinakabagong kasalukuyang numero (Taon 2021) | Target na numero (Taon 2025) |
|---|---|---|
| Sistema ng pagbigay ng pananghalian sa junior high school | Pinakamataas 40% (Taon 2022) | Mayroong systema na maaaring magbigay ng pananghalian sa lahat |
| Porsiyento ng mga bata at mag-aaral na gustong mag-ehersisyo at sports kasama ang ibang tao anuman ang pisikal na lakas, antas ng kasanayan, kasarian, kapansanan, atbp. | 85% (Taon 2022) | 88% |

**Pangunahing pagsisikap**

## 1. Pagbigay ng mga pananghalian sa junior high school na nagbibigay-kasiyahan sa lahat ng mga mag-aaral at pagsulong ng food at nutrition education

- Ituturing na gamitin ng lahat ng mag-aaral ang pananghalian ng junior high school, i-secure ang sistema ng supply sa pamamagitan ng delivery at maghanda upang magbigay ng mga pananghalian sa paaralan na magbibigay kasiyahan sa mga mag-aaral.
- Pagpapalawak sa elementarya at junior high school para sumali sa network ng food at nutrition education

## 2. Pagpapanatili at pagpapabuti ng kalusugan at pagsasakatuparan ng saganang buhay sa sports

- Paggawa at pagsulong ng "healthy body development plan" sa elementarya at junior high school

## 3. Pagsasakatuparan ng aktibidad sa club na madaling ipagpatuloy

- Pagsulong ng "Club Activity Guidelines ng munisipal na paaralan ng lungsod ng Yokohama"
- Pagtatalaga* ng mga club activity instructor at koordinator

*Pagbibigay ng patnubay at payo sa mga mag-aaral at mga miyembro ng advisory faculty, atbp. na nag-aambag sa paggawa ng mahusay na plano ng aktibidad sa maikling panahon

## 4. Suporta para sa edukasyon sa kalusugan ng ngipin

- Pagsulong ng edukasyon sa kalusugan ng ngipin sa pakikipagtulungan sa dentista ng paaralan, atbp

## 5. Pagsulong ng edukasyong pangkalusugan

- Pagpapahusay ng edukasyon sa kalusugan sa mga modernong isyu sa kalusugan tulad ng pagkalulong kabilang ang mga nakakahawang sakit at game disorder

# Panukala 1 Pagpapahusay ng edukasyon na may kaugnay sa magkakaibang pangkat

**Layunin-direksyon**

## Gagawa ng mga pagkakataon para maging konektado ang mga bata at lipunan.

**Kasalukuyang katayuan at paksa**

Sa pamamagitan ng pagsulong ng Community School at Community and School Collaboration Activity, kinakailangang patuloy na isulong ang pagtutulungan at ugnayan sa pagitan ng komunidad at ng paaralan, pagtiyak ng kaligtasan kapag bumibiyahe papunta at pabalik ng paaralan, edukasyon sa pag-iwas sa kalamidad, at pagpapahusay ng mga aktibidad sa welfare, atbp.

**Pangunahing talatuntunan**

| Talatuntunan | Ang pinakabagong kasalukuyang numero (Taon 2021) | Target na numero (Taon 2025) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga paaralan na tumugon na ang mga pagsisikap sa pakikipagtulungan sa mga magulang at miyembro ng komunidad ay epektibo sa pagpapabuti ng mga pamantayan sa edukasyon ng paaralan | Elementarya 93.7%<br>Junior High School 87.3% | Elementarya 95%<br>Junior High School 95% |

**Pangunahing pagsisikap**

### 1. Pagsulong ng pakikipagtulungan sa mga lokal na komunidad

- Pagpapatupad ng pagsasanay para sa mga miyembro ng Community School, suporta sa pagpapatakbo nito, at pagsasanay ng mga koordinator ng paaralan at komunidad
- Pagpapatupad ng mga gawain para siguraduhin ang kaligtasan ng trapiko sa mga ruta ng paaralan at pagsubaybay sa mga aktibidad kapag bumibiyahe papunta at mula sa paaralan
- Pagsulong ng edukasyon para sa pag-iwas sa kalamidad at mga hakbang sa pag-iwas nito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga pamilya at komunidad
- Paghihikayat ng komunidad at panlipunang pakikilahok tulad ng pagbisita at pakikipag-ugnayan sa mga pasilidad ng welfare, atbp., karanasan ng sign language at sumakay sa wheelchair atbp.

# Panukala 2 Pagpapahusay ng suporta sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa welfare, medikal na pangangalaga, atbp.

**Layunin-direksyon**

## Palakasin ang pakikipagtulungan sa welfare at mga institusyong medikal upang suportahan ang mga bata.

**Kasalukuyang katayuan at paksa**

Kinakailangang palakasin ang pakikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon upang maging malapit sa bawat indibidwal, tulad ng pagtugon sa masalimuot at magkakaibang mga isyu na pumapalibot sa mga bata, paglikha ng mga lugar na mapupuntahan ng mga bata pagkatapos ng paaralan, at pagsuporta sa mga bata sa mga medikal na pangangailangan.

**Pangunahing pagsisikap**

### 1. Pagpapalakas ng pakikipagtulungan sa welfare, medikal na pangangalaga, atbp.

- Pagpapalakas ng pakikipagtulungan sa mga social worker ng paaralan, mga tagapayo sa paaralan, mga eksperto at mga kaugnay na organisasyon
- Palakasin ang pakikipagtulungan sa mga after-school kids club at children's club
- Pagtaguyod ng suporta ng mga koordinator para sa mga pangangalagang medikal na mga bata at tao sa Yokohama atbp.

# Panukala 3 Pagsulong ng pagsuporta sa edukasyon sa tahanan

**Layunin-direksyon**

## Ipapahusay ng suporta para sa edukasyon sa tahanan.

**Kasalukuyang katayuan at paksa**

Nagbago nang malaki ang kapaligiran na sumusuporta sa edukasyon sa tahanan, tulad ng pagbaba ng mga ugnayan sa komunidad, at ito ay kinakailangan upang pahusayin ang suporta, tulad ng pagbibigay ng mga pagkakataon upang matuto sa pamamagitan ng edukasyon sa tahanan at pagsuporta sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga magulang at komunidad.

**Pangunahing pagsisikap**

### 1. Pagsuporta sa edukasyon sa tahanan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon at komunidad

- Suporta para sa mga aktibidad para sa magulang-anak, lektura, atbp.
- Magbukas ng mga klase ng magulang para sa paglaki ng mga anak na nangangailangan ng espesyal na suporta at konsiderasyon.
- Pagpapatupad ng mga pagbisita sa paaralan, atbp. para sa mga magulang ng mga batang preschool sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga kindergarten, nursery school at elementarya
- Pagbibigay ng mga lektyur sa kalusugan para sa mga nagbibinata o nagdadalaga at sa kanilang mga magulang

# Haligi 6 Ang mga guro at kawani na masayang nagtatrabaho at patuloy na natututo

## Panukala 1 Pinagsanib na reporma sa paghire, pagsasanay, at mga istilo ng pagtatrabaho ng mga guro at kawani

**Layunin·direksyon**

**Sa karaniwan, matatapos ang trabaho bago ang 7 n.g., at nais magkaroon ng oras para mag-aral at pagbutihin ang mga kwalipikasyon at kakayahan ng mga guro at kawani sa pamamagitan ng pagtataguyod ng reporma sa istilo ng trabaho.**

**Kasalukuyang katayuan at paksa**

Ang bilang ng mga tao na nais maging guro ay bumababa taon-taon, ngunit kinakailangan i-secure ang mga guro ng may mataas na motibasyon at kakayahan. Bilang karagdagan, may mga isyu tulad ng pagbibigay ng suporta sa mga guro at kawani ng may kaunti lang karanasan, at pag-secure ng oras upang matuto dahil magkaiba-iba ang nilalaman ng kanilang tinuturo. Higit pa rito, bagama't ang porsyento ng mga miyembro ng faculty na nag-o-overtime nang higit sa 80 oras bawat buwan ay patuloy na bumababa, mayroon pa din mga guro at kawani na nagtatrabaho ng mahabang oras, at ang reporma sa istilo ng trabaho ay nasa kalagitnaan pa lang.

**Pangunahing talatuntunan**

| Talatuntunan | Ang pinakabagong kasalukuyang numero (Taon 2021) | Target na numero (Taon 2025) |
|---|---|---|
| Porsiyento ng mga guro at kawani na naging mas mabuti ang mga kwalipikasyon at kakayahan *1 | 92% | 95% |
| Bilang ng mga guro at kawani na nag-overtime nang higit sa 80 oras bawat buwan sa loob ng 2 magkasunod na buwan*2 | 2,798 tao / taon | 0 tao (Bawat taon) |
| Porsiyento ng mga guro at kawani na umalis sa trabaho bago ang 19:00 | 75.9% | 90% |

*1 Porsiyento ng mga guro at kawani na sumagot na naging mas mabuti ang kanilang sariling mga kwalipikasyon at kakayahan batay sa tsart ng pagsusuri

*2 Kasama sa bilang dito ang mga guro at kawani na nasa ilalim ng kategoryang na kahit isang beses lang naranasan ng overtime nang higit sa 80 oras bawat buwan sa loob ng 2 magkasunod na buwan sa buong taon. Bilang karagdagan, kapag nakamit ang talatuntunan na ito, isaalang-alang ang pag-reset ng talatuntunan na 45 oras ng overtime bawat buwan na itinakda ng mga regulasyon.

**Pangunahing pagsisikap**

### 1. Pagkuha ng mahuhusay na guro at kawani at pagsasanay sa mga guro at kawani ng bago ito pumasok sa trabaho

- Pagpapabuti ng mga paraan ng recruitment at pagpapahusay ng mga aktibidad sa relasyon sa publiko
- Pagbukas ng Yokohama Teachers' School para sa mga taong naghahangad na maging guro

### 2. Pagpapaunlad at suporta ng mga guro at kawani na patuloy na nag-aaral

- Paggawa ng mga sistema ng pagsasanay at pag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng training management system
- Pagsulong at pagpapahusay ng magkakaibang pamamaraan ng pagsasanay gamit ang ICT

### 3. Paggawa ng mga sistema ng team at pagbuo at pagpapahusay ng alokasyon ng mga tauhan

- Pagpapalakas ng organisasyon sa pamamagitan ng pagtatrabaho bilang isang grupo
- Pagdagdag ng mga dalubhasang tauhan maliban sa mga guro at kawani (tulad ng ICT support staff atbp.)

### 4. Pagpapabuti at pag-optimize ng mga trabaho sa paaralan

- Pagsusuri ng mga trabaho sa paaralan at pagsulong ng outsourcing ng mga ito
- Pagsulong ng flexible at mahusay na mga istilo ng pagtatrabaho para sa mga guro at kawani sa pamamagitan ng paggamit ng ICT, atbp.
- Pagsulong ng reporma sa aktibidad ng club (kabilang ang pagtatalaga ng mga tagapagturo ng aktibidad ng club at pagsasaalang-alang ng pag-outsource ng club sa komunidad)

### 5. Pagpapabuti ng mga kasanayan sa pamamahala at pagbabago ng kamalayan ng mga tagapamahala

- Suporta ng Education Office para sa pamamahala ng paaralan gamit ang pinagsama-samang resulta ng trabaho ng bawat paaralan
- Pagpapatupad ng pagsasanay sa istilo ng trabaho, atbp. para sa mga bagong itinalagang punong-guro sa ika-2 taon

# Panukala 1 Planadong rekonstruksyon ng mga gusali ng paaralan

Layunin-direksyon

## Isusulong namin ang planado at epektibong rekonstruksyon ng mga gusali ng paaralan.

Kasalukuyang katayuan at paksa

Halos 40% ng mga gusali ng paaralan ay higit sa 50 taong gulang, at patuloy na sumusulong ang pagkaluma nito. Kinakailangang muling itayo ito nang may pagsasaalang-alang sa likas na kapaligiran habang pinagbubuti ang mga tungkulin, pagsasama ng mga paaralan, at pagsasama sa mga pampublikong pasilidad.

Pangunahing talatuntunan

| Talatuntunan | Ang pinakabagong kasalukuyang numero (Taon 2021) | Target na numero (Taon 2025) |
|---|---|---|
| Bilang ng mga paaralan kung saan nagsimula nang gawin ang rekonstruksyon | 4 paaralan (kabuuan)* | 17 paaralan (kabuuan) |

* Pinagsama-samang bilang ng mga paaralan mula nang mabuo ang "Basic Policy sa Rekonstruksyon ng mga Pasilidad ng Yokohama Public Elementary and Junior High School" (Mayo 2017)

Pangunahing pagsisikap

### 1. Pagsulong ng planadong rekonstruksyon ng mga gusali ng paaralan

- Pagpili ng mga target na paaralan para sa rekonstruksyon, pagpapatupad ng pangunahing konsepto at disenyo ng rekonstruksyon
- Pagsusuri ng pangunahing patakaran para sa rekonstruksyon

### 2. Paggawa ng mga gusali ng paaralan na may pagsasaalang-alang sa likas na kapaligiran

- Paggamit ng kahoy para sa loob, atbp., at pagkabit ng solar power generation equipment, atbp., dahil sa rekonstruksyon, atbp.

# Panukala 2 Paniniguradong ligtas at payapa ang kapaligiran sa paaralan

Layunin-direksyon

## Gagawa ng kapaligirang pang-edukasyon na ligtas, payapa, at madaling gamitin ng lahat.

Kasalukuyang katayuan at paksa

Bilang karagdagan sa pagtataguyod ng mga hakbang upang harapin ang pagkaluma ng mga gusali ng paaralan at mga hakbang sa pag-iwas sa sakuna, kinakailangan na isulong ang pagtatatag ng isang komportable at madaling gamitin na gusali, tulad ng paglagay ng air conditioner, western-style na banyo, elevator, atbp.

Pangunahing pagsisikap

### 1. Pagprotekta sa kaligtasan ng mga mag-aaral sa loob ng gusali ng paaralan

- Pag-aayos ng mga hindi istrukturang parte tulad ng mga panlabas na pader at sash, pagprotekta sa kaligtasan ng mga bangin sa loob ng paaralan, mga hakbang laban sa mga block wall, atbp.

### 2. Paggawa ng gusali na komportable at madaling gamitin ng lahat

- Pagpalit ng air conditioner, western style na banyo, bagong pagkabit ng mga elevator, atbp., paglagay ng solar power generation equipment, atbp.

# Panukala 3 Pag-optimize ng laki ng paaralan at distrito ng school

Layunin-direksyon

## Magpapatuloy kami sa pag-optimize ng paaralan at pagrepaso sa mga distrito ng school.

Kasalukuyang katayuan at paksa

Kailangan ang pang-unawa at pakikipagtulungan ng mga tagapag-alaga at lokal na residente kapag ginawa ang pag-optimize ng paaralan at susuriin ang mga distrito ng school ayon sa mga kalagayan ng mga distrito.

Pangunahing pagsisikap

### 1. Pag-optimize ng laki ng paaralan at distrito ng school

- Pagbukas (pag-iisa) ng Kamishirane Kita Junior High School, pag-optimize ng laki ng Akuwa Elementary School at Izumino Elementary School, Higiriyama Elementary School at Minamimaioka Elementary School, Higashitotsuka Elementary School, Saitobun Elementary School, atbp.

# Haligi 8 Saganang pag-aaral ng mga mamamayan

## Panukala 1 Pagsulong ng panghabambuhay na pag-aaral

Layunin-direksyon

### Isulong ng panghabambuhay na pag-aaral ng mga mamamayan at himukin sa pakikilahok sa lipunan.

Kasalukuyang katayuan at paksa

Sa panahon ng 100-taon gulang na buhay, mas mahalaga ang panghabambuhay na pag-aaral. Bilang karagdagan, kinakailangan na bumuo ng mga tao na maaaring lumikha ng mga pagkakataon para sa mga aktibidad sa pag-aaral para ma-engganyo sa pakikilahok sa lipunan.

Pangunahing pagsisikap

### 1. Pagsulong ng panghabambuhay na pag-aaral

- Pagsuporta sa pagtrain ng mga tao na humihikayat sa mga mamamayan na lumahok sa lipunan
- Pagpapatupad ng hands-on social education program na "Children's Adventure College"

## Panukala 2 Pagbuo ng bagong imahe ng aklatan at pagsulong ng mga aktibidad sa pagbabasa

Layunin-direksyon

### Bilang karagdagan sa pagpapatakbo ng pampublikong aklatan bilang batayan ng kaalaman, sisikapin namin pabutihin ito upang maging mas komportable at magkaroon ng masaganang oras dito, at gayundin upang maisulong ang mga aktibidad sa pagbabasa.

Kasalukuyang katayuan at paksa

Mula sa 18 na pampublikong aklatan, 6 ay higit sa 40 taong gulang, at kailangan ng sistematikong pag-ayos at rekonstruksyon, at kailangan din isaalang-alang kung paano dapat pagbutihin ang mga aklatan upang maging mas kaakit-akit ang lungsod. Bilang karagdagan, kinakailangan na lumikha ng mga pagkakataon sa pagbabasa para sa mga mamamayan at palawakin ang mga pagsisikap sa pagsulong ng aktibidad sa pagbabasa sa mga komunidad at paaralan.

Pangunahing talatuntunan

| Talatuntunan | Ang pinakabagong kasalukuyang numero (Taon 2021) | Target na numero (Taon 2025) |
|---|---|---|
| Bilang ng mga aklat na hiniram sa aklatan* | 11.6 milyong aklat/taon | 12 milyong aklat/taon |
| Pag-aralan kung paano papabutihin ang pampublikong aklatan | - | Pagbubuo ng Bisyon (2023) |

* Kasama sa bilang ang pagpapahiram sa mga pampublikong aklatan (kabilang ang pagpapahiram ng mga e-books) at pagpapahiram sa mga mamamayan ng Yokohama sa ibang lungsod sa pamamagitan ng wide area mutual use.

Pangunahing pagsisikap

### 1. Pagbuo ng bagong imahe ng aklatan at pagpapahusay ng mga serbisyo sa aklatan

- Pagsisiyasat at pagsasaalang-alang kung paano dapat ang ito pabutihin, pagbabalangkas ng bisyon, at pagpapahusay ng mga koleksyon at e-books, atbp.

### 2. Pagsulong ng mga aktibidad sa pagbabasa

- Suporta para sa mga aktibidad ng boluntaryo, paglikha ng mga pagkakataon sa pagbabasa sa buong lungsod, pagpapahusay ng pagsasanay para sa mga librarian ng paaralan at mga gurong librarian

## Panukala 3 Pagpapahusay ng mga lugar para sa pag-aaral tungkol sa kasaysayan ng Yokohama

Layunin-direksyon

### Sisikapin pangalagaan at gamitin ang mga kultural na ari-arian at pahusayin ang pag-aaral tungkol sa kasaysayan at kultura.

Kasalukuyang katayuan at paksa

Ang iba't ibang kultural na ari-arian sa lungsod ay may mahalagang papel sa pag-unawa sa kasaysayan ng Yokohama, at sa pamamagitan ng iba't ibang paggamit nito, kinakailangan pabutihin ang pagiging kaakit-akit ng rehiyon at muling pasiglahin ito para maipasa ito sa susunod na henerasyon.

Pangunahing pagsisikap

### 1. Pagpapanatili, paggamit, at pagtataguyod ng pag-unawa sa mga kultural na ari-arian na natitira sa lungsod

- Pagbuo ng "Yokohama City Cultural Property Preservation and Utilization Regional Plan", imbestigahan ang hindi nahahawakan na kultural na ari-arian, mga hakbang sa kaligtasan ng mga makasaysayang lugar, atbp.

### 2. Paglikha ng mga pagkakataon upang madama at matuto tungkol sa kasaysayan at kultura ng Yokohama

- Pagbisita sa mga klase ng mga curator ng museo, atbp., paggawa ng mga bideo ng nilalaman ng klase, atbp. na gumagamit ng mga kultural na ari-arian

Inilabas noong Pebrero 2023

Ika-4

# Lungsod ng Yokohama
# Pangunahing Plano sa Promosyon ng Edukasyon

Buod na Bersyon

Board of Education Secretariat Education Policy Promotion Division ng lungsod ng Yokohama

6-50-10 Honmachi, Naka-ku, Yokohama City 〒231-0005 045-671-3243 | FAX 045-663-3118 |

Homepage 第４期横浜市教育振興基本計画 Hanapin